# Point VIEWER Publishing

PVN


## The Word of God





by: Bro. Ernie Acayan

PAHINA 7

ISSN : 2704 - 4270 | VOL. VIII | ISSUE NO. 47 | JUNE 22 - 28, 2026 | ₱15.00

# GATCHALIAN LED-BLOC, PINAG-AARALAN ANG POSIBILIDAD NG BAGONG PRESIDING OFFICER SA IMPEACHMENT TRIAL NI VP SARA

P3



## South Korea, nakumpleto ang emotional comeback win laban sa Czechia sa World Cup

PAGE 8




MANILA, Philippines — The Supreme Court of the Philippines officially unveiled a historical marker from the National Historical Commission of the Philippines (NHCP) on June 5, 2026, at the Supreme Court New Building in Padre Faura, Manila, as part of the celebration of the Court's 125th Anniversary.

## Bilang ng child labor sa PH bumaba sa 509-K sa loob ng 2 taon —DOLE

PAGE 3

### Tab Baldwin, humingi ng tawad sa pamilya ng mga atletang nasawi

BASAHIN SA PAHINA 8



### Pamilya ni Divine Adili, humiling ng autopsy bago iuwi ang labi sa Nigeria

BASAHIN SA PAHINA 8

### Victoria Mboko hindi makakapaglaro sa Wimbledon dahil sa injury

BASAHIN SA PAHINA 8

## Strengthening Women Through Innovation: DOST-PCIEERD Highlights WHWise Program for Women-Led Social Enterprises on Tekno PreSyensya

P3

### Cavs star James Harden inaresto matapos na mahulihan ng baril

BASAHIN SA PAHINA 8

BASAHIN SA PAHINA 2

### VP Sara, nanawagan ng mas malaking suporta para sa mga pamilya ng nasawing Ateneo players

### Sen. Pangilinan bubuksan ang imbestigasyon sa umano'y overimportation ng sibuyas

BASAHIN SA PAHINA 3

BASAHIN SA PAHINA 3

### Sen. Padilla nais paimbestigahan ang pagkamatay ng dalawang Ateneo student-athletes

### Manila Mayor Isko Moreno, umapela sa 'nat'l leaders' isantabi partido sa pulitika

BASAHIN SA PAHINA 3

# SC Unveils Historical Marker, Plaque for 125th Anniversary



The unveiling ceremony was led by Chief Justice Alexander G. Gesmundo together with Associate Justices Alfredo Benjamin S. Caguioa, Amy C. Lazaro-Javier, Rodil V. Zalameda, Jose Midas P. Marquez, and Raul B. Villanueva.

Also present during the event were Manila Mayor Francisco 'Isko Moreno' Domagoso, NHCP Commissioners Lisa Guerrero Nakpil, Maria Eloisa P. De Castro, and Francis M. Navarro, as well as University of the Philippines Manila Chancellor Dr. Michael L. Tee.

The NHCP grants historical markers to sites, institutions, structures, individuals, and events with significant historical and cultural value. The installation of the marker officially recognizes the Supreme Court New Building as an Important Cultural Property, safeguarding it from exportation, modification, or demolition.

Originally constructed between 1928 and 1930 as the main library of the University of the Philippines, the building was designed by renowned Filipino architect Antonio Toledo in the neoclassical tradition. Following the transfer of UP to Diliman in 1949, the structure became home to the Department of Foreign Affairs until it was renovated and formally designated as the new seat of the Supreme Court in 1991.

The historical marker chronicles the evolution of the Supreme Court since its formal establishment through Act No. 136 on June 11, 1901, under the leadership of the first Chief Justice, Cayetano Arellano. The Court's early sessions were held at the Audiencia building in Intramuros before relocating to the Ayuntamiento building in 1938. Following the destruction of the Ayuntamiento during World War II, the Court temporarily transferred to the Budget Commission building, now known as Mabini Hall, in Malacañang.

In succeeding decades, the Court occupied Villamor Hall at UP Manila, now referred to as the Supreme Court Old Building, which currently houses the Office of the Court Administrator and the Judiciary Memorabilia Hall. Adjacent to it is the Centennial Building, completed in 2002 and designed by Palafox Associates, which accommodates several key support offices of the Court.
Speaking on behalf of the Court, Justice Raul B. Villanueva emphasized that the historical marker symbolizes the enduring role of the judiciary in Philippine democracy.

"The marker serves as a constant reminder that the Court is not merely a majestic building, but a continuity of principle that has outlasted regimes, wars, and even the destruction of the very buildings where it once sat," Justice Villanueva said.

He further underscored the Supreme Court's role in safeguarding democracy, protecting constitutional rights, and ensuring the rule of law.

"Every landmark decision, doctrine, and legal precedent handed down from this Court has woven itself into the very fabric of the Republic, giving citizens the assurance that justice prevails over might," he added.

Supreme Court Spokesperson Atty. Camille Sue Mae L. Ting likewise reflected on the institution's resilience through generations of justices and reforms.

"Through the years, the Supreme Court has faced both progress and challenge—from war and occupation to periods that tested its independence. Yet, it endured," Atty. Ting stated.

She also highlighted the Court's continuing reforms under the Strategic Plan for Judicial Innovations 2022–2027 (SPJI), aimed at improving efficiency, accessibility, and innovation in the justice system for all Filipinos.

"These markers are more than reminders of our past. They remind us of the responsibility we carry today and the legacy we leave for tomorrow," she said.

NHCP Executive Director Carminda R. Arevalo, in her message, emphasized the enduring trust of the Filipino people in the Supreme Court throughout its 125-year history.

"Sa loob ng 125 taon, nanatiling matibay ang tiwala at paggalang ng mga Pilipino sa Korte Suprema bilang pangunahing tagapagtaguyod ng Saligang Batas at taga-pangalaga ng katarungan," Arevalo said.

During the ceremony, the Certificate of Transfer and Acceptance of the Historical Marker was formally signed by Supreme Court Clerk of Court En Banc Atty. Marife M. Lomibao-Cuevas and NHCP Executive Director Arevalo, witnessed by Atty. Ting and NHCP Deputy Executive Director for Programs and Projects Alvin R. Alcid.

Chief Justice Gesmundo and the Associate Justices also unveiled the Supreme Court 125th Anniversary commemorative plaque, which designates the Supreme Court New Building as the Court's principal seat from 1991 to the present and honors the Chief Justices and current members of the Supreme Court En Banc who have served there.

The unveiling ceremony forms part of the year-long celebration of the Supreme Court's 125th Anniversary under the theme, "SC: 125 Years of Tradition and Innovation," highlighting the Court's commitment to preserving the rich history and heritage of the Philippine Judiciary while continuing to advance judicial reforms and public service. **(SC Office of the Spokesperson)**

# VP Sara, nanawagan ng mas malaking suporta para sa mga pamilya ng nasawing Ateneo players

Ipinahayag ni Vice President Sara Duterte ang kanyang pakikiramay sa mga pamilya ng dalawang miyembro ng Ateneo Blue Eagles men's basketball team na sina Rene Clert Baterbonia at Divine Adili, at sinabing tila kulang ang naging tugon ng Ateneo de Manila University sa mga naiwang mahal sa buhay ng mga biktima.

Ang pahayag ng Bise Presidente ay kasunod ng anunsyo ng Ateneo na magsasagawa ang Board of Trustees ng isang fact-finding investigation upang masusing alamin ang mga pangyayari na nauwi sa pagkasawi nina Baterbonia at Adili sa isang team-building activity sa Aurora noong Hunyo 8.

Sa panayam ng media sa Davao City nitong Biyernes, Hunyo 12, sinabi ni Duterte na nakalulungkot ang sinapit ng dalawang student-athletes, lalo na't may malaking kinabukasan umano ang mga ito sa larangan ng sports.

"Nakakalungkot na ganoon 'yong nangyari sa isang estudyante at sa isang promising na athlete natin sa bansa," ani Duterte.

Ayon sa Pangalawang Pangulo, mahalagang mabigyan agad ng sapat na impormasyon at suporta ang mga pamilya sa panahon ng ganitong trahedya.
"Pakiramdam ko, kulang na kulang 'yong response ng Ateneo hindi lang kay Rene, doon din sa isang foreigner na player din ng Ateneo na namatay," aniya.

Dagdag pa niya, dapat umanong maging prayoridad ng paaralan ang pakikipag-ugnayan sa mga pamilya upang maipaliwanag ang mga nangyari at matulungan silang maunawaan ang mga susunod na hakbang kaugnay ng insidente.

"Dapat kasi, sa ganiyang mga panahon, ay nauuna 'yong pag-reach out nila sa pamilya at pagpapaintindi nila sa pamilya kung ano 'yong nangyari at ano 'yong mga kailangan nilang gawin," dagdag niya.

Binigyang-diin din ni Duterte na sa kanyang pananaw, may kakulangan sa suportang naibigay sa mga pamilya ng dalawang nasawing atleta.

"Pakiramdam ko ay malaki ang pagkukulang ng paaralan sa pagbibigay suporta sa pamilya," aniya.

Samantala, patuloy ang isinasagawang imbestigasyon ng Ateneo at ng mga kinauukulang awtoridad upang matukoy ang buong detalye ng insidenteng ikinasawi nina Baterbonia at Adili.

Sa kasalukuyan, naibalik na sa Davao City ang mga labi ni Baterbonia, habang nananatili naman sa Arlington Memorial Chapels and Crematory sa Quezon City ang mga labi ni Adili.

# AFP, buong suporta kay Teodoro sa gitna ng sanctions ng China

Nagpahayag ng buong suporta ang Armed Forces of the Philippines (AFP) kay Defense Secretary Gilberto Teodoro Jr. matapos siyang pagbawalan ng China na makapasok sa bansa at makipagtransaksyon sa mga Chinese entity, kasama ang kanyang pamilya.

Ayon kay AFP spokesperson for the West Philippine Sea Rear Admiral Roy Vincent Trinidad, ang mga pahayag ni Teodoro ay simpleng pagtatanggol sa karapatan at interes ng Pilipinas at malinaw na nakabatay sa internatinal law at sa 2016 Arbitral Award.Philippine Politics News

Iginiit din ni Trinidad na ang sanctions ay isang pagtatangkang manakot at patahimikin ang mga nagsisiwalat ng umano'y ilegal at mapilit na mga aksyon ng China sa exclusive economic zone ng Pilipinas.

Sa hiwalay na pahayag, sinabi ng AFP na ang hakbang ng China ay hindi lamang laban kay Teodoro kundi isang pagtatangkang pahinain ang lehitimong paggamit ng Pilipinas ng mga sovereign rights nito.

Tiniyak din ng militar na magpapatuloy ang kanilang maritime at aerial patrols, pagprotekta sa mga mangingisdang Pilipino, at pagtatanggol sa soberanya at maritime rights ng bansa sa West Philippine Sea.

# Padilla, nanindigang 'di sasabihin ang kinaroroonan ni Dela Rosa kahit alam niya

Nanindigan si Senador Robin Padilla na hindi niya sasabihin ang kinaroroonan ni Senador Ronald dela Rosa kahit alam niya.

Ito ang naging tugon ng senador nang tanungin kung nasaan si dela Rosa, na kasalukuyang pinaghahanap ng mga awtoridad dahil sa kaniyang kinakaharap na arrest warrant mula sa International Criminal Court (ICC) may kaugnayan sa kaniyang naging papel sa drug war ng nakalipas na Duterte Administration.Matatandaang noong Mayo 28, inirekomenda ng Philippine National Police-Criminal Investigation and Detection Group ang paghahain ng obstruction of justice charges laban kay Padilla kaugnay sa pagtakas ni dela Rosa mula sa premises ng Senado noong madaling araw ng Mayo 14.Ayon kasi sa CIDG, ang ginawa ni Padilla ay hindi simpleng "hitch ride" lamang kundi isang highly coordinated at pre-planned logistical maneuver para hindi matimbrehan ang pagtakas ng kapwa senador mula sa Senado.Noong Mayo 21 naman nang tuluyang ipag-utos ng Department of Justice ang pag-aresto kay dela Rosa.


Point VIEWER Publishing

***LEMUEL D. JUNIO***
Publisher

***DARYL JETT M. ALVAREZ***
Editor-in-Chief

***JOEL A. CANTOR***
Assistant

***DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ***
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!

Publishers Association of the Philippines, Inc.



## DISCLAIMER

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.



## INFORMATION

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

## ADVERTISING RATE

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter




## Strengthening Women Through Innovation: DOST-PCIEERD Highlights WHWise Program for Women-Led Social Enterprises on Tekno PreSyensya

As part of its continuing efforts to promote women empowerment in innovation and entrepreneurship, the latest episode of Tekno PreSyensya—the official broadcast program of DOST Ilocos Region—featured the Women-Helping-Women: Innovating Social Enterprises (WHWise) Program.

During the discussion titled "Fueling Women-Led Social Innovation: WHWise Program Overview and Proposal Guide," Ms. Dolf Mirelle J. Montecillo, Project Technical Assistant VI and Assistant Program Manager of the WHWise Program, shared valuable insights about the initiative, including practical guidance on developing a strong WHWise proposal following the extension of the application deadline until June 5, 2026.

Launched in 2021 by the Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development (DOST-PCIEERD), the WHWise Program supports women-led social enterprises through technology, research and development (R&D), technical assistance, and mentoring. The program aims to strengthen the capacity of women social entrepreneurs to create greater impact in their communities and among marginalized sectors through innovative and sustainable solutions. According to Ms. Montecillo, the WHWise Program plays a vital role in helping women-led social enterprises expand their services and social impact. Through the program, women entrepreneurs are empowered to maximize science, technology, and innovation in improving their operations and reaching more communities. She also emphasized the program's "multiplier effect," where the success of one women-led enterprise inspires more women to pursue their own community-driven initiatives. During the interview, Ms. Montecillo encouraged aspiring women entrepreneurs to pursue innovation despite the challenges of balancing various responsibilities. She highlighted the availability of support systems such as Technology Business Incubators (TBIs), innovation hubs, DOST programs, and other capacity-building initiatives that can guide women throughout their entrepreneurial journey. She also assured the public that DOST offices and the WHWise Program remain open to assisting applicants in proposal development and innovation planning.

Ms. Montecillo further clarified that proposals that are not immediately approved may still be improved and resubmitted in future application cycles, depending on the reason for disapproval. She explained that the program aims not only to provide funding opportunities but also to help social enterprises strengthen their capabilities and connect them with the most suitable support mechanisms.

Through Tekno PreSyensya, DOST Ilocos Region continues to bring science, technology, and innovation programs closer to the public, particularly to women aspiring to become catalysts for positive change in their communities. The agency encourages women-led social enterprises and aspiring social entrepreneurs in Region 1 to take advantage of this opportunity and submit their concept proposals before the extended deadline.

## Manila Mayor Isko Moreno, umapela sa 'nat'l leaders' isantabi partido sa pulitika



Umapela si Manila Mayor Francisco 'Isko' Moreno Domagoso sa mga lider ng bansa na magkaroon ng pagkakaisa at magkaintindihan na sa nagpapatuloy pa ring tensyon sa pulitika.

Sa isang pahayag, hinimok ng alkalde ang mga lider sa nasyunal na pamahalaan na maglaan ng pagkakataon para pag-usapan ang mga isyung kinakaharap.

Hiling niya na magkatagpo o magkaroon ng tinatawag na 'common ground' sapagkat wala umanong patutunguhan ang magkakaibang direksyon.

Ang taumbayan aniya dapat ang isaalang-alang sa kabila ng magkakaibang posisyon o hindi magkakaparehong paniniwala.

Hinimok naman ng alkalde ang publiko na ipagdasal ang mga lider sa nasyunal na bigyan sila ng karunungan at mapagtanto ang tunay na obligasyon sa bansa.

Kanyang binigyang diin na ang tungkulin para sa taumbayan ay mas mahalaga kaysa kani-kanilang mga partido sa pulitika.

Ang mamamayan raw kasi ang higit na maapektuhan at magdudusa kung ang mga institusyon ng gobyerno ay bigong tuparin ang kanilang trabaho.

Kung kaya't sa pagdiriwang ng Araw ng Kalayaan, ipinaalala ni Mayor Isko lalo na sa mga lider na ang kalayaan nakamit ay bunga ng kabayanihan sa mga nagbuwis ng buhay para sa bansa.

## Sen. Padilla nais paimbestigahan ang pagkamatay ng dalawang Ateneo student-athletes

Naghain si Sen. Robin Padilla ng isang resolusyon na naglalayong magsagawa ng imbestigasyon ang Senado kaugnay sa pagkasawi ng dalawang student-athletes ng Ateneo de Manila University sa isang team-building activity sa Dipaculao, Aurora. Ayon kay Padilla, mahalagang masuri kung sapat ang umiiral na mga polisiya, supervision requirements, emergency preparedness measures at risk management protocols para matiyak ang kaligtasan ng mga estudyanteng kalahok sa mga aktibidad na inorganisa ng mga paaralan. Sa ilalim ng panukalang resolusyon, hihilingin sa kaukulang komite ng Senado na magsagawa ng motu proprio inquiry upang alamin ang buong pangyayari at matukoy kung may mga batas na kailangang amyendahan o ipatupad upang mapalakas ang proteksyon sa mga estudyante. Binigyang-diin ng senador na hindi layunin ng imbestigasyon na agad magturo ng may pananagutan kundi alamin ang katotohanan at matiyak na may mga repormang maipatutupad upang hindi na maulit ang kahalintulad na insidente. Personal ding dumalaw si Padilla sa burol ni Rene Clert Baterbonia upang makiramay sa pamilya nito, habang nakikiisa rin siya sa pagdadalamhati ng pamilya ni Divine Adili. Ayon pa sa senador, dapat ding repasuhin ang mga umiiral na pamantayan sa risk assessment, supervision, emergency preparedness at crisis response mechanisms para sa mga school-organized activities, lalo na yaong may kinalaman sa outdoor, athletic at iba pang high-risk na programa. Umaasa si Padilla na magsisilbing daan ang imbestigasyon upang matukoy ang mga kahinaan sa kasalukuyang sistema at makabuo ng mas matibay na pananggalang para sa kaligtasan ng mga estudyanteng Pilipino.



## Aplasca, humiling ng pagpapaliban ng pagharap sa NBI

Humiling si dating Senate Sergeant-at-Arms Mao Aplasca sa National Bureau of Investigation (NBI) na ipagpaliban ang kanyang pagharap kaugnay ng imbestigasyon sa insidente ng pamamaril sa Senado noong Mayo 13, ilang oras bago nakaalis sa gusali si Senador Ronald "Bato" dela Rosa.Ayon kay Aplasca, hiniling niya ang deferment dahil sa nakatakdang pagdinig ng Senado hinggil sa mga pangyayaring naganap mula Mayo 11 hanggang 14.Aniya, nagsumite rin siya ng kaparehong kahilingan sa Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) noong nakaraang linggo.Matatandaang kabilang si Aplasca sa mga iniimbestigahan kaugnay ng umano'y paglabag sa mga security protocol sa loob ng Senado matapos ang insidente ng pamamaril at ang pag-alis ni Senador dela Rosa sa gusali.Nakatakda sana siyang humarap sa NBI nitong Huwebes bilang pagsunod sa ipinadalang subpoena.

## Sen. Pangilinan bubuksan ang imbestigasyon sa umano'y overimportation ng sibuyas

Nakatakdang imbestigahan ng Senate Committee on Agriculture ang umano'y overimportation ng sibuyas at iba pang produktong agrikultural sa gitna ng pangamba sa epekto nito sa mga lokal na magsasaka.

Ayon kay Sen. Francis "Kiko" Pangilinan, chairman ng komite, kabilang sa mga tatalakayin sa mga susunod na pagdinig ng komite ang pagpasok ng malaking volume ng imported na produktong agrikultural at mga ulat na umano'y nahaharangan ang access ng mga magsasaka at mangingisda sa mga cold storage facility.

Kasunod ito ng isinagawang inspeksyon sa 26 na container van ng imported red onions sa Manila International Container Port na may tinatayang kabuuang bigat na 650,000 kilo.

Kinuwestiyon ni Pangilinan kung kinakailangan ba talaga ang ganoong kalaking volume ng imported na sibuyas at kung maituturing itong overimportation sa kabila ng pagkakaroon umano ng mga kinakailangang permit.

Sinabi rin ng senador na ipapatawag sa pagdinig ang mga nabigyan ng import permits at mga operator ng cold storage facilities upang magpaliwanag sa isyu ng overimportation at sa alegasyong nireserba ng ilang trader ang mga cold storage facility na dapat sana'y mapakinabangan ng mga lokal na producer.

Binigyang-diin pa ni Pangilinan ang pangangailangang maayos ang datos ng Department of Agriculture (DAR), Bureau of Plant Industry at Philippine Statistics Authority upang maiwasan ang sobrang pag-aangkat ng mga produktong agrikultural na maaaring makasama sa kabuhayan ng mga magsasaka.

Nagbabala rin ang senador na maaari niyang harangin o ipagpaliban ang pagtalakay sa budget ng mga naturang ahensya kung mabibigong maglatag ang mga ito ng sistema upang maitugma ang kanilang mga datos at maiwasan ang overimportation.

## Bilang ng child labor sa PH bumaba sa 509-K sa loob ng 2 taon —DOLE

Bumaba nang malaki ang bilang ng mga batang manggagawa sa bansa mula 828,000 noong 2022 tungo sa 509,000 noong 2024 dahil sa pinaigting na kampanya ng pamahalaan laban sa child labor, ayon sa Department of Labor and Employment (DOLE).

Sinabi ng DOLE na bunga ito ng mas matatag na mga programa ng gobyerno at pakikipagtulungan ng iba't ibang sektor upang mailayo ang mga bata sa mapagsamantalang paggawa at matiyak na nananatili sila sa paaralan.

Kasabay ng paggunita sa Araw ng Kalayaan, nanawagan si Labor Secretary Francis Tolentino sa publiko na tumulong sa pagsusulong ng isa pang anyo ng kalayaan para sa mga kabataan—ang kalayaan mula sa child labor.

Binigyang-diin din ng kalihim ang kahalagahan ng sama-samang pagkilos habang nakikiisa ang Pilipinas sa paggunita ng World Day Against Child Labor 2026 sa ilalim ng temang "Red Card to Child Labor: Fair Play for Children, Decent Work for Adults."

Ayon kay Tolentino, hinihikayat ng tema ang mas mahigpit na pagpapatupad ng mga polisiya at programang naglalayong pigilan at tuluyang wakasan ang child labor sa bansa.

"The theme calls for intensified action and stronger implementation of policies and programs aimed at preventing and eliminating child labor," ani Tolentino.

"Addressing child labor is a shared responsibility that requires the active participation of all sectors of society if we are to achieve our aspiration of becoming a child-labor-free nation," dagdag ng Kalihim.

Bilang bahagi ng isang buwang kampanya, nagsasagawa ang mga tanggapan ng DOLE sa buong bansa ng iba't ibang aktibidad kabilang ang information and advocacy drives, service caravans, orientation tungkol sa Republic Act No. 9231, pamamahagi ng livelihood assistance, gift-giving activities sa ilalim ng Project Angel Tree, DOLEkula Film Festival, at mga Run for a Cause events.

## Gatchalian led-bloc, pinag-aaralan ang posibilidad ng bagong presiding officer sa impeachment trial ni VP Sara

Posibleng magkaroon ng bagong mamumuno sa impeachment trial ni Vice President Sara Duterte matapos sabihin ng kampo ni Acting Senate President Sherwin Gatchalian na pinag-aaralan nila ang pagpili ng ibang senador bilang presiding officer ng paglilitis.

Ito ay kasunod ng mga usap-usapan na si Senator Francis "Chiz" Escudero ang maaaring mamuno sa impeachment proceedings kapag muling nagtipon ang Senado bilang impeachment court.

Ayon kay Gatchalian, hindi pa napag-uusapan nang pormal ng majority group ang usapin.

Karaniwan, ang Senate President ang nagsisilbing presiding officer sa mga impeachment trial. Ngunit kamakailan, inaprubahan ng paksyon ni Gatchalian ang mga pagbabago sa impeachment rules na nagbibigay-daan sa mga senador na mapili ng mayorya ang maaaring mamuno sa paglilitis.

Kapag naging epektibo ang mga bagong alituntunin matapos ang kinakailangang publication, maaari nang ipatupad ang naturang pagbabago sa proseso ng impeachment.

Sa ilalim ng Saligang Batas, ang Chief Justice lamang ang namumuno kapag Pangulo ng bansa ang nililitis sa impeachment. Para naman sa ibang opisyal, kabilang ang bise presidente, ang Senado ang may kapangyarihang magtakda ng magiging presiding officer ayon sa mga umiiral na patakaran.

## Visayas Grid, isinailalim sa Yellow Alert ngayong Sabado ng gabi

Isinailalim ng National Grid Corporation of the Philippines (NGCP) sa Yellow Alert ang Visayas Grid mula kaninang alas-6 ng gabi hanggang alas-7 ng gabi ngayong Sabado, Hunyo 13.

Ayon sa NGCP, ang available capacity ng grid ay nasa 2,669 megawatts, habang ang inaasahang peak demand ay 2,393 megawatts.

Sinabi rin ng ahensya na tatlong power plant ang nakaranas ng forced outage ngayong buwan. Bukod dito, walong planta ang hindi pa rin gumagana mula pa noong Mayo, habang siyam na iba pa ang tumatakbo sa mababang kapasidad, dahilan upang mawalan ang grid ng kabuuang 842 megawatts na suplay ng kuryente.

Dagdag ng NGCP, ang hindi pag-andar ng tatlong coal plant kasama ng mataas na demand sa kuryente, ang nagbunsod sa pagdeklara ng Yellow Alert.

## PEMAT, magpapadala ng medical team at water filtration unit sa Sarangani

Darating sa Glan, Sarangani bukas, Hunyo 14 ang Philippine Emergency Medical Assistance Team (PEMAT) upang maghatid ng espesyal na serbisyong medikal at malinis na inuming tubig para sa mga residenteng naapektuhan ng magnitude 7.8 na lindol sa Mindanao.

Ayon sa Department of Health, ang PEMAT mula sa DOH-Cotabato Regional Medical Center ay binubuo ng mga surgeon, obstetrician-gynecologist, emergency medicine specialist, anesthesiologist, pediatrician, at internist.

Kasama rin ang mga nurse, midwife, medical at radiation technologist, physical therapist, mental health specialist, mga inhinyero, at administrative staff.

Magdadala rin ang grupo ng mga gamot laban sa diarrhea at isang gravity-powered ultrafiltration unit na kayang makapagbigay ng libu-libong litro ng malinis at ligtas na inuming tubig para sa mga apektadong komunidad.

## Online platform tampok ang mayamang biodiversity ng Pag-asa Island, inilunsad

Inilunsad ng University of the Philippines Marine Science Institute (UP MSI) ang isang online platform na nagtatampok sa mga siyentipikong pag-aaral at mayamang biodiversity ng Pag-asa Island sa Kalayaan, Palawan sa West Philippine Sea.

Pinamagatan itong "Pag-asa Island: A Hidden Pearl of Biodiversity," kung saan tampok sa website ang mga resulta ng pananaliksik, mga larawan, at karanasan ng mga marine biologist mula sa kanilang mga ekspedisyon sa isla.

Layunin nitong gawing mas madaling maunawaan ng publiko ang kahalagahan ng Pag-asa Island at ng mga karagatang nakapaligid dito. Makikita rin dito ang mga pag-aaral tungkol sa mga corals, seabirds, iba't ibang uri ng isda, at iba pang marine species.

Suportado ang proyekto ng Canada Fund for Local Initiatives sa pamamagitan ng Embahada ng Canada.

Ayon sa UP MSI, plano rin nilang magtayo ng isang "research museum" upang maipakita ang mga natuklasan mula sa Pag-asa Island.

## DICT at Telcos, nagbigay ng libreng internet sa mga lugar na tinamaan ng lindol sa Mindanao

Nagdeploy ang Department of Information and Communications Technology (DICT), katuwang ang mga pangunahing telecommunications providers, ng libreng internet at emergency communications services sa mga lugar na naapektuhan ng magnitude 7.8 na lindol sa Mindanao.Sa pamamagitan ng DICT Region 12, naglatag ito ng Starlink satellite kits, charging stations, at libreng internet sa mga evacuation center, disaster response offices, at iba pang mahahalagang pasilidad sa ilalim ng Government Emergency Communications System at Free Public Internet Access Program.Nag-activate rin ang isang telco ng satellite-to-mobile service gamit ang Starlink para sa libreng data at messaging sa South Cotabato, Sultan Kudarat, at Sarangani, habang nagbigay naman ang PLDT at Smart ng libreng Wi-Fi, charging stations, at libreng tawag para sa mga residente at emergency responders.Ayon sa DICT, nananatiling matatag ang telecommunications at internet services sa mga apektadong lugar habang patuloy ang koordinasyon sa mga telco upang matiyak ang tuloy-tuloy na komunikasyon at suporta sa relief at recovery operations

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
PASIG CITY

**OFFICE OF THE CLERK OF COURT & EX-OFFICIO SHERIFF**
rtc1pasocc@judiciary.gov.ph (email)
0995-101-8830 (globe)

**PHILIPPINE SAVINGS BANK,**
Mortgagee,

-versus-

File No. 26-036-REM
For: Extra Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage Under Act 3135, as Amended by Act 4118

**SPS. ROY NOLAN PANONG NATONTON AND JOANA VICTORIA MAMANGLU NATONTON,**
Borrowers/Mortgagors.
x-------------------------------------x

### NOTICE OF SHERIFF'S SALE (AMENDED)

Upon extrajudicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by the mortgagee PHILIPPINE SAVINGS BANK with principal office and place of business at PSBank Center, 777 Paseo de Roxas corner Sedeño Street, Makati City against the borrowers/mortgagors SPS. ROY NOLAN PANONG NATONTON AND JOANA VICTORIA MAMANGLU NATONTON, with given address/es at (1) Lot 8, Block 9, Emerald St., Ciudad Grande, Phase 1, Brgy. Muzon, Taytay, Rizal; (2) Unit 220 (with Laundry Cubicle) Sorrento Oasis Bldg. M1, C. Raymundo Avenue, Rosario, Pasig City, NCR and Parking Slot SPM1-14; and (3) Tricity Medical Center Inc., 269 C. Raymundo Ave., Maybunga, Pasig City and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of February 18, 2026 amounts to PESOS: ONE MILLION EIGHT HUNDRED EIGHTY-FIVE THOUSAND FORTY-SEVEN and 56/100 (PhP1,885,047.56) inclusive of interests, penalties and other charges but exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of Pasig City or her duly authorized Sheriff will sell at public auction on July 29, 2026 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, Infront of the Main Entrance of Temporary Pasig City Hall, Pasig City to the highest bidder and for CASH in Philippine Currency the real property mentioned in the said real estate mortgage together with all its improvements existing thereon, to wit:

**Condominium Certificate of Title**
**No. 011-2020028943**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

RESIDENTIAL UNITS
LOCATION: BUILDING M1
FLOOR NO.: SECOND FLOOR
UNIT NO.: 220
FLOOR AREA (SQ. M.): 29.87
WHICH FORMS PART OF "SORRENTO OASIS" CONDOMINIUM PROJECT.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2010000436; 2010000437 which embraces and describes the land located at BARRIO OF ROSARIO, PASIG CITY, METRO MANILA with an area of SIXTY-TWO THOUSAND EIGHT HUNDRED NINETY (62,890) Square Meter, is registered in the name of:

**Owner: SPOUSES ROY NOLAN PANONG NATONTON AND JOANA VICTORIA MAMANGLU NATONTON, BOTH OF LEGAL AGE, FILIPINOS**

Together with whatever rights and interests arising from or acquired under that certain Deed of Assignment of Rights known as document No. 14 Page No. 24 Book No. 40 Series of 2017 notarized by Atty. Romeo S. Masangya, Jr., Notary Public for Makati City, on June 30, 2017 executed by the mortgagors in favor of the mortgagee, pertaining to the parking slot identified therein, which rights were allegedly constituted as part of the security for the loan obligation subject of the foreclosure proceedings.

The deed is hereunder quoted:

**"DEED OF ASSIGNMENT OF RIGHTS**

The ASSIGNOR entered into a contract to purchase from **FILINVEST LAND INC.** (the "Developer") a residential property (the "Unit"), from the Developer's **SORRENTO OASIS** Project, located at **UNIT 220 WITH LAUNDRY CUBICLE SORRENTO OASIS – BUILDING M1 C. RAYMUNDO AVENUE ROSARIO PASIG CITY AND PARKING SLOT SPM1-14,** with an area of **29.87, 2.00 AND 12.50 SQUARE METERS MORE OR LESS."**

Said parking slot, however, is not covered by a separate Condominium Certificate of Title.

Prospective bidders and/or buyers are enjoined to investigate for themselves the title of the said property and the encumbrance thereon if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on August 19, 2026 at same time and place without further notice.

Pasig City, May 28, 2026.

**(SIGNED)**
**RODERICK P. BERNARDO**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**ATTY. ROSALIE C. AROSA**
Clerk of Court VII and Ex-Officio Sheriff

Copy furnished:
All concerned. . .

PHILIPPINE SAVINGS BANK
PSBank Center, 777 Paseo de Roxas corner Sedeño Street, Makati City

SPS. ROY NOLAN PANONG NATONTON AND JOANA VICTORIA MAMANGLU NATONTON
(1) Lot 8, Block 9, Emerald St., Ciudad Grande, Phase 1, Brgy. Muzon, Taytay Rizal
(2) Unit 220 (with Laundry Cubicle) Sorrento Oasis – Bldg. M1, C. Raymundo Avenue, Rosario, Pasig City, NCR and Parking Slot SPM1-14
(3) Tricity Medical Center Inc. 269 C. Raymundo Ave., Maybunga, Pasig City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: June 08, 15 & 22, 2026**


## PH Army at Air Force, patuloy ang paghatid ng tulong sa mga biktima ng lindol

Patuloy ang humanitarian assistance at disaster response (HADR) operations ng Philippine Army at Philippine Air Force para sa mga komunidad na naapektuhan ng magnitude 7.8 na lindol sa Mindanao.

Nilinis ng mga disaster response team ng Philippine Army ang mga kalsadang nabara upang maibalik ang access sa mga isolated na lugar, nagsagawa ng search and rescue operations, at nagbigay ng malinis na inuming tubig sa General Santos City at iba pang apektadong komunidad.

Samantala, naghatid ang Philippine Air Force (PAF) ng 1,000 "ChariTimba" relief packs mula sa Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO), gayundin ng 480 family food packs ng DSWD at 450 pakete ng bottled water sa mga apektadong lugar sa Davao Occidental, Davao Oriental, at Sorsogon.

Nagsagawa rin ang PAF ng medical evacuation para sa mga residente ng Sarangani na nangangailangan ng agarang gamutan, bilang bahagi ng patuloy na disaster relief at humanitarian operations ng militar.



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
OFFICE OF THE CLERK OF COURT AND EX-OFFICIO SHERIFF
PASAY CITY

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

**FILE NO. REM 26-108**

-versus-

FOR: EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT NO. 3135, AS AMENDED BY ACT NO. 4118

**BRYLLE MIJARES VILLENA AND ALFREDO GUERRERO GERALDEZ, AS REPRESENTED BY THEIR ATTORNEY-IN-FACT, BRYAN MIJARES VILLENA,**
Debtors/Mortgagors.
x---------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA JUDICIAL SALE**

Upon verified petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by the Mortgagee/s **BDO UNIBANK, INC., c/o CONSUMER REMEDIAL MANAGEMENT UNIT** with office/business address at **33rd Floor BDO Corporate Center Ortigas, No. 12 ADB Avenue, Mandaluyong City,** against **BRYLLE MIJARES VILLENA AND ALFREDO GUERRERO GERALDEZ (debtors/mortgagors), as represented by their Attorney-In-Fact, BRYAN MIJARES VILLENA,** with residence/postal/office address at **(1) Ravanzo Compound, Barangay Bocohan, Bocohan Road, Lucena City 4301; (2) Lot 18, Block 5, Gomez Street, Lynville Phase 8, Barangay Bubukal, Santa Cruz, Laguna 4009; (3) #411 Durian Street, Maliban Manoto Subdivision, Barangay Real, Calamba City, Laguna 4027; (4) Unit 2135, 21st Floor Tower 1 Coast Residences, Roxas Boulevard Corner Dapitan Street, Barangay San Rafael, Pasay City; and (5) Block 5 Lot 18, Lynville 8 Barangay Bubukal, Sta. Cruz, Laguna 4009,** to satisfy the mortgage indebtedness which as of **20 March 2026** amounts to **Php2,851,702.05,** including/excluding interest, penalties, charges, attorney's fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Deputy Sheriff will sell at public auction on **September 03, 2026** between 9:00 am and 4:00 pm at the ground floor (main entrance) of the Hall of Justice, Pasay City to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following described real property/ies together with all the improvements existing thereon to wit:

**Condominium Certificate of Title**
**No. 003-2022007206**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

"COAST RESIDENCES"
BUILDING – B01
LEVEL – 21
UNIT NO. 2135
UNIT TYPE – FAMILY SUITE B WITH BALCONY
UNIT AREA – 26.00 SQ. M. MORE OR LESS

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2015000198 which embraces and describes the land located at ROXAS BOULEVARD, PASAY CITY with an area of FIVE THOUSAND SIX HUNDRED FIFTY (5,650) Square Meter, is registered in the name of:

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date. In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **September 17, 2026** without further notice.

Pasay City, this 3rd day of June 2026.

For the Acting Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff

**(SIGNED)**
**RONALD P. BULOS**
Deputy Sheriff, RTC Br. 112, Pasay City

It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sale on or before the date of sale under penalty of law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: June 08, 15 & 22, 2026**

# PhilHealth, naglabas ng pahayag matapos ang viral na reklamo ng naulilang asawa

Naglabas ng pahayag ang PhilHealth kaugnay ng viral post ng asawa ng isa sa mga miyembro nito na hindi umano nabigyan ng tulong para sa bayarin sa ospital matapos itong pumanaw.

Ayon sa viral post sa Facebook, umabot sa P200,000 ang hospital bill ng pasyente pero sinabi umano ng ahensya na ineligible sa ilang benepisyo ang nasawi dahil na-confine ito nang wala pang 24 oras.

"We have since reached out to the member's wife and have agreed on the next steps as we explore all avenues of support," ayon sa ahensya.

Nakikipag-ugnayan na rin ang PhilHealth sa mga ospital na sangkot upang masuri ang mga pangyayari bilang bahagi ng kanilang patuloy na pagsisikap na mapabuti ang kanilang serbisyo at pagtugon sa mga miyembro.

Ang pahayag ng ahensya ay kasunod nang post ni Maria Lourdes Sulit, na nagkuwento ng sinapit ng kanyang asawang si Marvin, na namatay dahil sa brain hematoma matapos umanong hindi makapagbayad ng milyon-milyong pisong gastusin para sa operasyon.

Unang umanong dinala ang kanyang asawa sa Manila Doctors Hospital noong Hunyo 4 ng madaling araw at agad na sinabihang aabot sa humigit-kumulang P4 million ang operasyon. Dahil sa kakulangan sa pinansyal, inirekomenda ang paglipat nito sa University of the East Ramon Magsaysay Memorial Medical Center (UERM), kung saan mas mababa ang gastos ngunit nangangailangan ng P1 million na paunang bayad.

Hindi umano kinaya ng pamilya ang agarang bayad, dahilan upang hindi agad maisagawa ang operasyon. Kalaunan, binawian ng buhay si Marvin noong Hunyo 4.

"May asawa ko na namatay na. Paano siya hindi qualified?" ani Sulit, na iginiit na matagal nang miyembro at regular na naghuhulog ang kanyang asawa sa PhilHealth.

Umapela rin siya sa PhilHealth at sa mga kinauukulang ahensya na repasuhin at alisin ang 24-hour confinement policy sa mga kasong nauuwi sa kamatayan, na aniya ay hindi makatarungan para sa mga pamilyang nawalan ng mahal sa buhay.

Samantala, umaaasa si Sen. Bong Go, dating chairman ng Senate Committee on Health, na agarang matutugunan ng PhilHealth ang isyu.

Giit ng senador kung totoo ngang naipatutupad pa rin ang aniya'y anti-poor at illogical na 24-hr confinement policy, hindi raw ito katanggap-tanggap dahil matagal na itong ipinatigil ng PhilHealth sa ilalim ng emergency care benefit.

# ROTC Bill, muling itinutulak ni Sen. Robin matapos ang Mindanao quake

Itinutulak ngayon ni Senator Robin Padilla ang agarang pagpasa ng Senate Bill No. 617 o ang panukalang Reserve Officers' Training Corps (ROTC) Act nitong Biyernes, Hunyo 12, kasabay ng paggunita sa ika-128 Araw ng Kalayaan ng Pilipinas.Mga Southeast Asian at Pacific Islander

Ayon kay Padilla, mas lalong ipinakita ng kamakailang magnitude 7.8 na lindol sa Mindanao ang pangangailangan para sa mas matatag na paghahanda ng mga mamamayan sa panahon ng sakuna.

Sa isang pahayag, sinabi ng senador na layunin ng panukala na hubugin ang kabataan na maging disiplinado, makabayan, at handang tumugon sa mga hamon ng bansa, kabilang ang kalamidad at mga usaping pangseguridad.

Binigyang-diin din niya na ang seguridad ng bansa ay hindi lamang tumutukoy sa mga banta mula sa labas kundi pati sa kahandaan sa mga natural na kalamidad.

"Ang trahedyang nangyari sa General Santos at mga karatig-lugar ay nagpapaalala sa atin na ang seguridad ng bansa ay hindi lamang tungkol sa mga banta mula sa labas," dagdag niya.

Sa ilalim ng panukala, layunin nitong gawing institusyonal at palakasin ang ROTC program sa mga Higher Education Institutions (HEIs) at Technical-Vocational Institutions (TVIs) sa buong bansa.

Kabilang sa nakapaloob dito ang pagsasanay sa survival skills, disaster response operations, search-and-rescue missions, relief operations, at iba pang kakayahan na mahalaga sa panahon ng kalamidad at humanitarian emergencies.

Giit ni Padilla, hindi lamang ito isang military training program kundi isang hakbang sa paghubog ng mga responsableng mamamayan na handang tumulong sa oras ng pangangailangan.





CHARISMATIC OUTREACH MINISTRIES FOUNDATION, INC.

By
**Bro. Ernie Acayan**

**Mateo 3:2**
**"Ganito ang Kanyang sinasabi, "Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit!"**

## TUNAY NA PAGSISISI

**Sapat na ba ang paghingi ng tawad sa Dios upang sabihing tunay ang ating pagsisisi?**

**Gawa 26:20**
**"Nangaral ako, una sa Damasco, saka sa Jerusalem at sa buong lupain ng Judea, at gayundin sa mga Hentil. Ipinangaral kong dapat silang magsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan, lumapit sa Diyos, at ipakita ang kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng mga gawa."**

**Ano ang mga dapat nating gawin upang ipahayag na tayo'y nagsisisi.**

**1) May buhay-panalangin. Ang tunay na may ugnayan sa Dios ay sa pamamagitan ng isang lumalagong buhay-panalangin. Kailangan ito upang lumago ang isang mananampalataya sa kanyang pananampalataya. Ito'y hindi isang suwestiyon kundi utos ng Dios.**

**1 Tesalonica 5:17**
**"...palagi kayong manalangin..."**

**Ito ay isang utos upang lumago tayo sa pagkakakilala kay Hesus at magkaroon ng malalim na relasyon sa Kanya.**

**Ang panalangin ay paraan upang tayo ay makatanggap sa Kanya at magawa natin ang Kanyang kalooban.**

**Juan 15:5**
**"Ako ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa Akin, at Ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa Akin."**

**2) May bagong uri ng pamumuhay. Ang tunay na pagsisisi ay ang pagtalikod sa lumang pamumuhay at paglandas ng isang bagong buhay na kasama si Kristo.**

**2 Cor.5:17**
**"Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago. "**

**3) Ang taong nagsisi ay may bago ng kaisipan.**

**Roma.12:2**
**"Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos."**

**Ang taong may bago ng kaisipan ay ang makatatanggap ng pangunawa sa mga pahayag ng Dios.**

**Efeso 4:23-24**
**"**
**Magbago na kayo ng diwa at pag-iisip; at ang dapat ninyong isuot ay ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, at nahahayag sa matuwid at banal na pamumuhay ayon sa katotohanan.**

**Gayun din naman, siya ay may kakayahang tumanggi sa alok ng laman, ng mundo at ng demonyo.**

**1 Juan 3:9**
**" Ang mga anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa pagkakasala, sapagkat nananatili sa kanila ang binhing mula sa Diyos. At dahil ang Diyos ang ama nila, hindi sila maaaring magpatuloy sa pagkakasala."**

**TO GOD BE THE GLORY.**



# Trump, sinabing tinapos na ng US ang giyera; Iran, iginiit na wala pang pinal na kasunduan

Inihayag ni US President Donald Trump na tinapos na ng Estados Unidos ang digmaan sa Iran ngayong araw, matapos igiit na nagkasundo ang dalawang panig sa isang "very strong memorandum of understanding" upang tuluyang itigil ang labanan.

Ginawa ni Trump ang pahayag sa isang telerally para sa pagsuporta kay Georgia Lt. Governor Burt Jones, na kasalukuyang tumatakbo bilang gobernador.

Ayon sa pangulo ng Amerika, pormal na sumang-ayon ang Iran na hindi na magkakaroon ng nuclear weapon, isang pangunahing kondisyon na kaniya umanong iginiit at siyang pinaka-layunin ng operasyon.

Ang anunsiyo ay kasunod ng pagkansela ng US sa mga nakatakda sanang airstrike sa Iran nitong umaga ng Biyernes. Ginawa ang pagkansela matapos ipahiwatig ng White House na plantsado na ang kasunduan, bagamat hindi pa idinidetalye ang buong mga kondisyon nito.

Gayunpaman, tila taliwas naman ito sa panig ng Iran. Ayon sa Foreign Ministry Spokesperson ng bansa, wala pang pinal na desisyon ukol sa anumang kasunduan at ang mga kumakalat na balita ay maituturing pa lamang na espekulasyon.

# US singer Oliver Tree aboard helicopter in deadly mid-air crash in Brazil

American alt-pop singer and internet personality Oliver Tree was aboard one of two helicopters that collided Sunday mid-air in Brazil, leaving all six people aboard the aircraft dead, a police source told AFP.

The source shared the manifest of each plane and said the victims could not be formally identified yet as they were badly burned in the crash.

The helicopters collided in Recreio dos Bandeirantes, a western suburb of Rio de Janeiro, then plummeted into the parking lot of an electric car dealership, setting ablaze around 20 cars, firefighters said.

One of the helicopters was carrying five people, and the other just the pilot.

The passengers on the same helicopter as Tree included a Brazilian music producer, Argentine video director and Argentine YouTuber Gaspar Prim, known online as Gaspi.

The 32-year-old Tree -- with a distinctive bowl haircut and eccentric, meme-worthy internet persona -- was known for hits such as "Life Goes On," "Miss You," and "Alien Boy."

He blended music with performance art, pranks and parody, internet trolling and performing high-risk stunts in some of his videos.

Many fans on social media wondered if reports of his death in the helicopter accident were another one of his elaborate bits.

Tree has over 11 million monthly listeners on Spotify, with his top songs listened to over 700 million times.

In recent days his Instagram account featured videos of him in Brazil, where he performed in Sao Paulo on June 6 on his tour of over 30 countries.

His next show was due in Lisbon on July 1.

Rio de Janeiro Mayor Eduardo Cavaliere said earlier that there were "foreign nationals on board one of the aircraft," without giving further details.

**'A REALLY LOUD EXPLOSION'**

Burger King employee Thamires Santos, 27, said he was at work when he heard "a really loud explosion. The shop actually shook."

After the collision he saw helicopter parts "flying in all directions."

Fire services spokesman Lieutenant Colonel Fabio Contreiras told CNN Brasil at the scene that it was unclear exactly how the accident unfolded.

"Parts of the aircraft are scattered hundreds of meters away, so the information we have is still very preliminary," he said. "We really need to get the recordings and videos to understand exactly what happened."

Contreiras said rescue workers had discovered one helicopter in flames among the electric cars, with five victims inside.

A second helicopter found some 100 meters away was carrying only the pilot, who also died.

"Given the surrounding residences, the accident could have been far more tragic," said Contreiras.

He highlighted the challenges in fighting a fire impacting electric vehicles, which contain lithium-ion batteries.

"When this type of battery catches fire, it releases highly toxic gases and intensifies both the temperature and the severity of the blaze. Extinguishing a fire in one of these vehicles requires three to four times the amount of water needed for a fire in a standard car."

Small aircraft crashes are common in Brazil, the world's fifth-largest country.

Last month a small plane crashed into the side of a building in the southeastern city of Belo Horizonte, killing the pilot and copilot.

According to statistics from the Center for Investigation and Prevention of Aeronautical Accidents (CENIPA) -- not including this latest collision -- there have been 84 aircraft accidents in 2026 so far, leaving 25 people dead.



# US Judge, nais pigilan ang UFC event sa White House

Nais pigilan ng U.S. federal judge sa Washington ang planong Ultimate Fighting Championship (UFC) event sa White House na inorganisa ni U.S. President Donald Trump, na nakatakda sa susunod na linggo.

Kasama rin sa hinihiling na ipahinto ang pagtatayo ng isang malaking metal na arena structure na tinawag na "The Claw" sa South Lawn ng White House.

Ayon sa reklamo na isinampa noong Sabado, hinihiling ng dalawang residente sa Washington na maglabas ng temporary restraining order ang korte upang mapigilan ang event na tinawag na "UFC Freedom 250."

Nakatakda sana itong gawin sa June 14, kasabay ng ika-80 kaarawan ni Trump.

Nabatid na magaganap ang laban sa loob ng isang 92-foot-tall octagon-shaped cage, habang ang weigh-in ay gagawin sa Lincoln Memorial.Kinuwestyon ng mga nagsampa ng kaso ang paggamit ng mga pampublikong lugar tulad ng White House South Lawn at Lincoln Memorial para sa isang pribadong sporting event.

Ayon sa kanila, labag ito sa mga patakaran at kailangan umano ng pahintulot ng Kongreso ang pagtatayo ng malaking istruktura sa lugar.

gad namang bumuwelta ang White House, tinawag ang kaso na "obstructionist, baseless, and dilatory lawsuit," at iginiit na ang event ay katulad lamang ng ibang mga opisyal na aktibidad na ginaganap sa White House grounds at National Mall.

# Ex-South Korean Pres. hinatulang makulong ng 30 taon

Pinatawan ng 30 taon na pagkakataon na pagkakakulong si dating South Korean Yoon Suk Yeol.

Napatunayan ng Seoul Central District Court na guilty si Yoon dahl as bigong deklarasyon niya ng martial law noong Disyembre 2024.

Nakipagsabwatan din ito sa pagbili ng mga drones ng gobyerno noong Oktubre 2023.

Una ng itinanggi ni Yoon ang nasabing alegasyon laban sa kaniya.






# Taylor Swift naging pinakabatang nahalal sa Songwriters Hall of Fame

Tinagurian ngayong bilang pinakabatang Songwriters Hall of Fame ang singer na si Taylor Swift.

Ang nasabing titulo ay unang hawak ni Carole Bayer Sager noong ito ay 43 anyos sa taong 1987.

Habang si Stevie Wonder ay nananatiling pinakabatang nagkamit ng nasabing award sa edad na 32 noong 1983.

Pasok ang mga artists sa Hall of Fame matapos ang 20 taon ng mailabas nila ang unang commercial track.

Para kay Swift ay nailabas nito ang kaniyang kantang "Tim McGraw" noong Hunyo 2006.

Umabot na sa 12 album ang kaniyang nagawa na umikot mula sa iba't-ibang genre gaya ng country, pop, folk.

Nagkamit na rin ito ng 14 na Grammy Awards sa US kabilang ang apat na Album of the Year trophies.

Kasamang nahalal sa Hall of Fame sina Gene Simmons at Paul Stanley ng KISS.

# Kim Soo-hyun, balik trabaho na matapos pangunahan ang isang PH brand

Masayang inanunsyo ng South Korean actor Kim Soo-hyun ang kanyang pagbabalik sa publiko matapos ang mahigit isang taong pananahimik dahil sa kontrobersiyang kinasangkutan niya. Ayon sa kanyng talent agency, nakatakda siyang magshoot ng advertisement para sa isang kilalang fashion brand sa Pilipinas sa susunod na buwan.

Kinumpirma ng agency ni Kim Soo-hyun na isa siya sa mga kukuning brand ambassador para sa isang print advertisement na isasagawa sa Hulyo 14. Hindi pa malinaw kung sa Pilipinas o sa South Korea gagawin ang naturang shoot.

Ito ang magiging unang opisyal na public appearance ng aktor matapos siyang masangkot sa malalang kontrobersiya na may kaugnayan sa yumaong aktres na si Kim Sae-ron.

Kung saan naharap siya noong nakaraang taon sa mga alegasyong nagkaroon umano sila ng relasyon ni Kim Sae-ron noong menor de edad pa ang aktres. Mariin namang itinanggi ng aktor ang mga alegasyon at sinabi niyang nagsimula lamang ang kanilang relasyon nang maging legal na ang edad ni Kim Sae-ron. Noong Pebrero 2025, natagpuang patay si Kim Saeron, na iniulat na nagpakamatay sa mismong kaarawan ni Kim Soo-hyun. Dahil sa kontrobersiya, ilang malalaking kumpanya at proyekto ang umano'y huminto sa pakikipagtrabaho sa aktor.

Samantala, natukoy sa mga imbestigasyon ng pulisya na ang ilang KakaoTalk messages at audio recordings na ipinakita laban sa aktor ay umano'y edited. Dahil dito, naghain ang aktor ng reklamo sa piskalya laban sa YouTuber na nagpalaganap ng mga naturang materials.




**"LEMME TEASE BOTIQUE RTW TARLAC"**

**Taytay RTW Base**

Purok Saranay Sitio Banga-banga Villa Aglipay
San Jose, Tarlac, Philippines
Contact No.# 09460277182

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: June 22 - 28, 2026




**#308 Barangka Drive in front of Bonifacio Javier National High School, Mandaluyong City**

Contact : Juliana Diesta # 09052264801
krusty.ebox@gmail.com

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: June 22 - 28, 2026




**FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel**
**Contact No. 09665262989**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: June 22 - 28, 2026






## Across

1. Betting setting
7. Bad air day factor
11. Comprehend
14. Figure of speech?
15. City near Stanford University
17. Experience again
18. Restore from the trash, say
19. Big primates
20. "The Far Side" cartoonist Larson
22. Nasal cavity
23. "Viva __ Vegas"
24. Ellipsis trio
25. __ for apples
26. Depleted atmospheric layer
28. Largest and strongest of the 19-Across
32. Kitchen cover
34. Cloth that protects hair waves
36. Bond creator Fleming
37. "Wonder Woman" actress Gal
38. Cookbook writer Garten
39. Let in or let on
41. Morn's opposite
42. Noble rank below viscount
44. Dorothy, to Em
45. Snake
47. Hangs on the line
49. World-warping drug
50. Computer repaired at a Genius Bar
51. Egg cells
54. Competition with barrel racing
57. Alum
58. "Everybody Loves Raymond" actor Garrett
59. "That makes sense"
61. Ready for farming
63. Canada's second-most populous city
64. Rebelled, or what can be found in 3-, 10-, 24-, and 29-Down
65. Sun spot?
66. Big name in locks
67. Six-line section of a sonnet

## DOWN

1. Reef material
2. Griddled corn cake
3. Success for a pitcher?
4. "Yes, indeed!"
5. Mo. that was ninth in a 10-month Roman calendar
6. State with the deepest lake in the U.S.
7. San Antonio NBA team
8. More than a few
9. Timeworn
10. Shifts to eco-friendly farming
11. "Twisters" star Powell
12. Caesarean delivery?
13. Digits in socks
16. Suspect's excuse
21. Groveled
24. "Save your apologies"
25. Feathery scarf
27. Menagerie
28. Consultant on a family history project, perhaps
29. Refreshing citrus dessert
30. Secular
31. Penny-__: trivial
32. Forever and ever
33. Smooth (over)
35. Family card game
40. Cube with pips
43. "Go on ... "
46. Fold on a kilt
48. Tracking devices
50. "Yay, me!"
52. Hold dear
53. Very good (at)
54. Edges of hoops
55. "If you insist"
56. Disavow
57. Soccer score
58. Hunting/fishing retailer __ Pro Shops
60. Affirmative vote
62. Caviar



## WORD HUNT

### THE BRADY BRUNCH



MIKE
GREG
BRADY
SIX CHILDREN
CAROL
CINDY
FLUFFY
ALICE
JAN
GEORGE GLASS
MARCIA
SAM
DOUG SIMPSON
BOBBY
OLIVER
SEVENTIES
PETER
TIGER

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| G | I | Y | F | F | U | L | F | I | S | N | R |
| S | R | M | I | K | E | B | E | C | A | E | O |
| N | N | E | B | R | A | D | Y | G | M | A | B |
| D | E | F | G | I | S | C | I | N | D | Y | S |
| O | S | R | J | E | B | R | I | L | D | U | S |
| U | A | S | D | O | O | I | E | L | R | R | A |
| G | G | L | B | L | E | L | O | G | I | E | L |
| S | N | B | I | Y | I | R | I | I | I | R | G |
| I | Y | D | J | C | A | H | B | V | E | T | E |
| M | F | I | A | C | E | J | C | T | E | A | G |
| P | F | D | N | R | L | R | E | X | M | R | R |
| S | N | O | R | F | D | P | N | V | I | F | O |
| O | S | E | V | E | N | T | I | E | S | S | E |
| N | M | A | R | C | I | A | N | R | V | Y | G |



# Alex Eala, makakaharap si Donna Vekic sa Berlin Open Round of 32

Makakaharap ng Filipina tennis star na si Alex Eala ang beteranang Croatian na si Donna Vekic sa Round of 32 ng Berlin Open ngayong linggo.

Si Eala ay isang wildcard entry sa WTA 500 tournament at patuloy na inaasahan sa kanyang kampanya sa grass-court season.

Matatandaang nabulsa ng Pinay tennis star ang panalo sa Birmingham Open kamakailan, bago siya natalo sa second round laban sa rising American player na si Iva Jovic.

May bentahe si Eala sa kanilang unang pagkikita noong ASB Classic, kung saan tinalo niya si Vekic sa matinding three-set match, 4–6, 6–4, 6–4.

Samantala, si Vekic ay isang experienced na manlalaro sa WTA circuit na may malalaking karanasan sa mga Grand Slam. Kilala siya bilang 2024 Paris Olympics silver medalist at dating Wimbledon semifinalist, at nagkaroon din ng malalim na runs sa Australian Open at US Open.

Inaasahang magiging dikit at mataas ang kalidad ng laban dahil parehong may momentum at malakas na performance ang dalawang players sa kasalukuyang grass-court season.




PVN SPORTS

NO. VIII | ISSUE NO. 47 | JUNE 22 - 28, 2026 | ₱ 15.00


# Cavs star James Harden inaresto matapos na mahulihan ng baril

Inaresto si Cleveland Cavaliers star James Harden dahil sa pagdadala ng hindi lisensyadong baril habang ito ay nasa Texas.

Ayon sa mga otoridad nakuhanan ito ng baril sa loob ng kaniyang sasakyan.

Pansamantalang ito nakalaya matapos na maghain ng piyansa at itinaikda ang pagharap nito sa korte sa darating na Hunyo 22.

Si Harden ay naging manlalaro ng NBA mula pa noong 2009 kung saan iba't-ibang koponan na ang kaniyang sinalihan gaya ng Houston Rockets, Oklahoma City Thunder, Brooklyn Nets, Philadelphia 76ers, at Los Angeles Clippers.


# Victoria Mboko hindi makakapaglaro sa Wimbledon dahil sa injury

Hindi makakapaglaro sa Wimbledon tennis tournament si Victoria Mboko matapos magtamo ng injury sa tuhod.

Natamo ng 19-anyos na Canadian tennis player ang injury sa opening ng singles match nito laban kay Karolina Pliskova sa WTA Tournament sa Queen's Club.

Sinabi ng world number 9 tennis star na nagkaroon itong MCL sa kaniyang kaliwang tuhod.

Dagdag pa nito na hindi siya makakapaglaro sa natitirang grass season kasama na ang Wimbledon.



# Tab Baldwin, humingi ng tawad sa pamilya ng mga atletang nasawi

Naglabas na ng pahayag si Ateneo Blue Eagles head coach Tab Baldwin kaugnay ng pagkamatay ng dalawang Ateneo student-athletes na sina Rene Baterbonia at Divine Adili.Pamilya

Sa isang video na inilabas ng Ateneo de Manila University, humingi ng paumanhin si Baldwin sa mga pamilya ng dalawang atleta at inaming mabigat ang kanyang dinadala matapos ang trahedya.

Ayon kay Baldwin, inakala nilang ligtas at normal lamang ang isinagawang training run ng koponan sa mababaw na bahagi ng dagat. Ngunit kalaunan, napag-alaman nilang nasa panganib na ang ilan sa mga manlalaro.

Ginawa rin daw nila ang lahat ng kanilang makakaya upang mailigtas at maibalik nang ligtas sa pampang ang buong grupo. Gayunpaman, nauwi sa trahedya ang insidente matapos masawi sina Baterbonia at Adili.

Dahil dito, sinabi ni Baldwin na pakiramdam niya ay nabigo siya bilang lider at bilang coach ng koponan.

"So deeply sorry. And I'm so deeply sorry not just the families, but everybody that feels let down, somehow betrayed," ani Baldwin.

Dagdag pa niya, hindi matatawaran ang sakit na nararamdaman ngayon ng mga pamilya ng dalawang atleta.

Inamin din ni Baldwin na bilang coach, isa sa pinakamahalagang responsibilidad niya ang tiyakin ang kaligtasan at kapakanan ng kanyang mga manlalaro.

Patuloy rin siyang nananalangin para sa kapayapaan at paghilom ng mga naulilang pamilya.

# Vinicius Junior, sinalba ang Brazil para sa 1-1 tabla laban sa Morocco sa World Cup



Nailigtas ni Vinicius Junior ang Brazil mula sa muntikang pagkatalo matapos ihatid ang koponan sa 1-1 na tabla laban sa Morocco sa kanilang unang laro sa Group C ng FIFA World Cup nitong Sabado ng gabi.

Unang niyanig ng Morocco ang five-time World Cup champions nang maipasok ni Ismael Saibari ang unang goal sa ika-21 minuto.

Subalit makalipas ang 11 minuto, mabilis na nakabawi ang 25-anyos na si Vinicius Jr. sa pamamagitan ng isang napakalakas na sipa sa ika-32 minuto upang itabla ang iskor.

Dominante ang Morocco sa unang 30 minuto ng laro, ngunit nabago ang takbo ng laban sa second half nang magpalit ng mga manlalaro ang manager ng Brazil na si Carlo Ancelotti.

Nanood din sa dikit na laban ang mga sikat na personalidad tulad ng NFL star na si Tom Brady at mga Brazilian football legends na sina Ronaldo at Roberto Carlos.

Dahil sa resulta, kapwa may tig-isang puntos na ang dalawang bansa. Target ng Brazil at Morocco na makabawi sa kanilang mga susunod na laban sa grupo kontra sa Scotland at Haiti.

# South Korea, nakumpleto ang emotional comeback win laban sa Czechia sa World Cup

Nalampasan ng South Korea ang matinding hamon matapos nitong baligtarin ang laban para sungkitin ang 2-1 panalo laban sa Czechia sa kanilang unang laro sa Group A ng 2026 World Cup nuong Huwebes, Hunyo 11.

Ginanap ang labanan sa Estadio Akron sa Mexico, kung saan naging salik sa panalo ng mga "Taegeuk Warriors" ang mataas na lokasyon o elevation ng lungsod.

Bagamat hindi nakapuntos ang kapitan ng South Korea na si Son Heung-min, agresibo itong umatake bago pinalitan sa ika-69 na minuto ni Hwang Hee-chan, na siyang nagpasok ng krusyal na panalong goal.

Unang nakapuntos sa ikalawang bahagi ng laro ang Czechia sa pamamagitan ni Ladislav Krejčí.

Ito ang kauna-unahang goal ng Czechia sa World Cup matapos ang 20 taon, mula noong huling sumali ang bansa sa torneo noong 2006.

Dahil sa resulta, nakisabay ang South Korea sa co-host na Mexico na una namang nakuha ang liderato sa Group A matapos talunin ang South Africa sa iskor na 2-0, sa isang mainit na larong nagkaroon ng tatlong red card.



# Pamilya ni Divine Adili, humiling ng autopsy bago iuwi ang labi sa Nigeria

Humiling ang pamilya ng yumaong Nigerian basketball player na si Divine Adili na magsagawa muna ng autopsy sa kanyang labi bago ito iuwi sa Nigeria, ayon sa pahayag ng Embahada ng Nigeria sa Maynila.

Ayon sa embahada, nais ng pamilya ni Adili na magkaroon muna ng masusing pagsusuri tungkol sa sanhi ng pagkamatay ni Divine bago iuwi ang kanyang labi sa Nigeria.

Matatandaang nasawi si Adili, 21 taong gulang, kasama ang kanyang teammate na si Rene Baterbonia, 19 taong gulang, matapos silang malunod sa isang team-building activity sa karagatan ng Dipaculao, Aurora noong Lunes.

Si Adili ay isa sa mga inaasahang rookie big men ng Ateneo Blue Eagles sa nakaraang season ng UAAP.

Samantala, inatasan na ng Department of Justice ang National Bureau of Investigation na magsagawa ng masusing imbestigasyon upang matukoy kung may sapat na batayan para sa pagsasampa ng kaso kaugnay ng insidente.

Ayon sa DOJ, bumuo na ang NBI ng isang task force upang magsagawa ng komprehensibo at patas na pagsisiyasat sa pangyayari.

Sa ngayon, sinabi naman ng mga imbestigador ng pulisya sa Aurora na wala pa silang nakikitang senyales ng foul play batay sa mga affidavit ng lifeguard at mga responder na unang tumulong sa mga biktima.



